

## 1. Tungkol sa Bayarin sa Buwis ng Sasakyan.

Magmula sa ika-8 ng Mayo ang Tax Division ng Tochigi City Hall ay magpapalabas na ng abiso ukol sa bayarin sa buwis para sa light vehicles.

Ang “Keijidoushazei” o buwis para sa light vehicles ay babayaran ng mga nagmay-ari ng mga sasakyan mula umpisa ng Abril gaya ng motorsiklo o mga sasakyan na may engine displacement na 600cc pababa.

Ang pagtatapon o pagpapalit ng pagmamay-ari ng mga sasakyan na ito mula sa ikalawa ng Abril ay dapat pa rin bayaran ang buwis ng sasakyan ng buong taon. Ngunit dahil sa sitwasyon ngayon dulot ng bagong corona virus, bilang konsiderasyon ng lungsod ay pinalawig pa ang deadline ng pagbabayad ng buwis na ito ng isang buwan at ginawa na itong hanggang sa ika-30 ng parehong buwan.

Ang pagbabayad sa pamamagitan ng bank account ay ipinagpaliban na rin hanggang sa ika-30 ng Hunyo.

Subalit hindi na pwedeng gamitin ang payment slip sa mga convenient stores upang magbayad. Sa banko, post office o munisipiyo pwedeng magbayad lamang gamit ang pinadalang payment slip .

## 2. Tungkol sa Pagbabayad ng Property Tax o ang City Planning Tax.

Ang Tax Division ng City Hall ay magpapalabas na rin ng abiso sa bayarin ng Property Tax at City Planning Tax mula ika-15 ng Mayo.

Ang property tax ay bayarin sa buwis para sa mga nagmamay-ari ng lupa, bahay o gusali mula sa umpisa ng taon. At ang halaga ng babayaran na buwis ay naayon sa kung magkano ang value ng arian. Ito ay pwedeng bayaran ng minsanan o 4 na beses na installments.

Para sa mga magbabayad ng isang beses lamang at ang magbabayad ng unang installment ay pinalawig din ang deadline ng pagbabayad na dapat sana ay sa umpisa ng Hunyo. Ito ay ginawa na rin hanggang sa ika-30 ng Hunyo.

Siyempre, kung gugustuhin ay pwede pa ring magbayad kahit bago magtapos ang buwan ng Mayo.

### 3. Tungkol sa Medical Check-Up Passport at Guidebook para sa taong ito.

Mula sa katapusan ng buwan ng Mayo, ang Health Promotion Department ng City Hall ay magpapadala ng impormasyon ukol sa Medical Check-Ups para sa taong kasalukuyan. Ang mga may edad na 20 taong gulang pataas ay kasali ng bibigyan ng Medical Check-Ups Passport at Guide Book para sa isang household.

Sa medical Check-Up Passport ay nakasaad ang indibidwal na pwedeng gawing pagsusuring medikal sa isang taon at kung magkano ang babayaran para dito. Gayundin, sa pamamagitan ng kompyuter o smartphones gamit ang ibinigay na I.D at password ay pwedeng maglog-in at magpareserve sa gagawing mga Mass Check-Ups. Ang reservations ay mag-uumpisa sa ika-26 ng Mayo.

Sa Guide Book ay nakasaad ang mga schedules at lugar kung saan gagawin ang Mass check-Ups.

Kaya dapat tayong magkaroon ng Medical-Ups kahit isang beses kada taon.

#### 4. Ang Pag-Iwas sa Paglaganap ng Bagong Corona Virus.

Maging sa ating lungsod ng Tochigi ay may mga infected na rin ng bagong corona virus. Upang maiwasan ang malawakang pagkalat ng impeksyon ay kailangan pa ang mga ibayong pamamaraan para sa prebensyon sa pagkahawa sa sakit na ito.

Sa pang araw-araw na pamumuhay ay mahalaga ang palaging maghugas ng kamay gamit ang sabon at ganon din ang palagiang pagsuot ng facemasks tuwing lalabas. Ganundin maliban sa pagpunta sa mga hospital, pamilihan o pagpasok sa trabaho lamang dapat lumabas ng bahay kung kinakailangan.

Ayon sa mga dalubhasa, limitahan lang nating ang mga taong ating pwedeng makatagpo. Kung halimbawa tayo ay nakikipagkita palagi sa sampu nating kaibigan o kakilala ay gawin lang daw nating dalawa sa kanila sa panahong ito tayo makipag-tagpo.

Kasama rin dito ang pag-iwas sa pagpunta sa mga lugar na kung saan ay masama ang bentilasyon, sa mga tagpuan ng maraming tao at siksikan na lugar at ang pakikipag-usap ng malapitan sa sinuman.

Upang maiwasan ang pagkalat ng sakit ay mahalaga para sa bawa't isa sa atin na magkaroon ng wastong kaalaman. Magtulungan tayo upang malampasan natin ang pagsubok na ito.